



**IMPLEMENTASYON NG MGA GAWAIN SA PAGSULAT NA NAKA-ANGKOP
SA KONTEKSTO SA KASANAYAN SA PAGSULAT AT PASALITANG
KOMUNIKASYON NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8**

MAE G. QUILANTANG

Teacher I

Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
maequilantang@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga angkop na estratehiya at plano ng pagpapabuti sa pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal na disenyo ng pananaliksik upang suriin ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Pinili ang ganitong disenyo dahil layunin nitong matukoy ang antas ng implementasyon ng mga gawain at ang kaugnayan nito sa kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral, batay sa kanilang aktwal na karanasan sa pagkatuto nang walang interbensyong isinasagawa. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, naipapakita ang ugnayan ng dalawang baryabol sa natural na kalagayan ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan (survey questionnaire) upang makuha ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue IV

June 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



sa implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Ang talatanungan ay ipinamahagi sa mga piling mag-aaral sa Baitang 8, at sinagot nila ito nang tapat upang makalikom ng makabuluhang datos para sa pag-aaral. Bukod sa talatanungan, ginamit din ang mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino bilang karagdagang batayan ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Ang mga datos mula sa survey at marka ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri gamit ang mga angkop na pamamaraang istatistikal tulad ng tinimbang na karaniwan (weighted mean) at Pearson Product Moment Correlation upang matukoy ang antas ng implementasyon at ang ugnayan nito sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nabigyan ng malinaw at obhetibong pagtingin ang relasyon ng implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8 batay sa kanilang aktwal na datos at karanasan sa pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan ng mga pangunahing baryabol sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Sinusuri nito ang relasyon ng mga indikador sa pagsulat at komunikasyon, antas ng pagbasa, at antas ng pagsulat upang malaman kung may makabuluhang kaugnayan ang mga ito sa isa't isa. Sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri, naipapakita ang antas ng ugnayan ng mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Sa unang ugnayan, natuklasan na may napakalakas at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga indikador sa pagsulat at komunikasyon at antas ng pagbasa. Ipinahihiwatig nito na ang mas mataas na kalidad ng pagsulat at komunikasyon ay kaakibat

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue IV

June 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ng mas mataas na antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Dahil dito, tinanggihan ang null na palagay. Sa ikalawang ugnayan, natuklasan din na may napakalakas at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga indikador sa pagsulat at komunikasyon at antas ng pagsulat. Ipinapakita nito na ang mahusay na implementasyon ng mga gawain sa pagsulat at komunikasyon ay nakatutulong sa pagtaas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Dahil dito, tinanggihan din ang null na palagay. Sa ikatlong ugnayan, lumabas na may napakalakas at halos perpektong positibong ugnayan sa pagitan ng antas ng pagbasa at antas ng pagsulat. Ipinahihiwatig nito na ang pagbasa at pagsulat ay magkaugnay at sabay na umuunlad bilang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Muli, tinanggihan ang null na palagay. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang lahat ng baryabol ay may napakalakas at makabuluhang ugnayan sa isa't isa. Ipinahihiwatig nito na ang sabayang pagpapaunlad ng pagbasa, pagsulat, at komunikasyon ay mahalaga sa paghubog ng kasanayang pangwika at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Keywords: *Implementasyon, Gawin sa Pagsulat, Konteksto sa Kasanayan, Pagsulat, Pasalitang Komunikasyon, Baitang 8*

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PANIMULA

Ang mga gawain sa pagsulat na naka-angkop sa konteksto ay tumutukoy sa mga aktibidad sa pagtuturo na isinasaayos batay sa karanasan, interes, at kapaligiran ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng ganitong mga gawain, nagkakaroon ng mas makabuluhang paraan upang maipahayag ng mag-aaral ang kanyang ideya, damdamin, at pananaw sa parehong pasulat at pasalitang paraan. Ang mga gawain ay hindi lamang nakatuon sa pagsunod sa pormal na balarila o istruktura ng pangungusap kundi sa aktwal na paggamit ng wika sa mga sitwasyong may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na karanasan.

Sa konteksto ng Baitang 8, napapansin ng mga guro na maraming mag-aaral ang nahihirapang ayusin ang kanilang ideya sa lohikal na paraan, magplano ng teksto, at maipahayag ang kanilang kaisipan sa pormal at organisadong paraan. Dahil dito, mahalaga ang paggamit ng mga contextualized writing activities tulad ng pagsulat ng talaarawan, liham, replektibong sanaysay, malikhaing kwento, at mga ulat na may kaugnayan sa personal na karanasan ng mag-aaral. Ang ganitong pamamaraan ay tumutulong upang mas madali nilang maunawaan ang layunin ng pagsulat at maipahayag ang kanilang ideya nang malinaw.

Isa pang dahilan sa pagpili ng paksa ay ang interes ng mananaliksik sa wika bilang pangunahing kasangkapan sa pagkatuto at komunikasyon. Pinahahalagahan ng mananaliksik ang papel ng wikang Filipino sa paghubog ng kaisipan at kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa akademikong konteksto. Nais ding suriin ang aktuwal na paggamit ng wika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawain sa pagsulat na naka-angkop sa kanilang karanasan at kapaligiran. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay bunga ng personal na layunin

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ng mananaliksik na makatulong sa paglinang ng mas mahusay na kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Ayon kay Santos (2021), ang paggamit ng mga gawain sa pagsulat na naka-angkop sa konteksto ay nakatutulong sa paglinang ng malinaw na kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Napag-alaman sa kanyang pag-aaral na kapag ang mga aralin ay kaugnay sa karanasan at interes ng mag-aaral, mas aktibo ang kanilang pakikilahok sa klase at mas mataas ang antas ng pag-unawa sa aralin.

Isa sa mga pangunahing suliraning naranasan ng mananaliksik ay ang kakulangan ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, lalo na sa pasalitang komunikasyon. Marami sa kanila ang nag-aatubiling magsalita sa harap ng klase dahil sa takot na magkamali sa gramatika at pagbigkas. Bukod dito, nahihirapan ang ilang mag-aaral sa pagsulat ng malinaw at organisadong teksto at may limitadong bokabularyo sa Filipino, na nakakaapekto sa kanilang kakayahang maipahayag ang kanilang mga ideya sa pormal at akademikong paraan. Ang mababang partisipasyon sa mga gawaing pasulat at pasalita ay isa ring hamon na nagpatibay sa pangangailangan ng pag-aaral.

Sa huli, nakikita ng mananaliksik na mahalagang isagawa ang pag-aaral upang makabuo ng konkretong datos at gabay sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo. Ang resulta ng pananaliksik ay inaasahang makatutulong hindi lamang sa paglinang ng kasanayan ng mag-aaral sa pagsulat at pasalitang komunikasyon, kundi pati na rin sa pagpapabuti ng mga pamamaraan ng pagtuturo ng wika sa sekondaryang edukasyon. Dahil dito, karapat-

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



dapat at kinakailangan ang pagsusuri sa paksa upang matugunan ang kasalukuyang kakulangan at maitaguyod ang mas epektibong pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga angkop na estratehiya at plano ng pagpapabuti sa pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya. Partikular, ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang saklaw ng pagpapatupad ng Mga Gawain sa Pagsulat na Naka-angkop sa Konteksto sa Kasanayan sa Pagsulat at Pasalitang Komunikasyon batay sa mga sumusunod:
 - 1.1. Pagpapalano ng Gawain sa Pagsulat;
 - 1.2. Nilalaman at Konteksto ng Gawain;
 - 1.3. Estratehiya sa Pagtuturo;
 - 1.4. Kasanayan sa Pagsulat; at
 - 1.5. Kasanayan sa Pasalitang Komunikasyon?
2. Ano ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pasalitang komunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 8?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng Mga Gawain sa Pagsulat na Naka-angkop sa Konteksto sa Kasanayan sa Pagsulat at Pasalitang Komunikasyon at sa antas ng kasanayan sa pasalitang komunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 8?

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



4. Anong mga plano at estratehiya ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pasalitang komunikasyon?

Walang Hipotesis:

HO: Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapatupad ng Mga Gawain sa Pagsulat na Naka-angkop sa Konteksto sa Kasanayan sa Pagsulat at Pasalitang Komunikasyon at sa antas ng kasanayan sa pasalitang komunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

METODOLOHIYA

Disensyo ng Pagsusuri. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal na disenyo ng pananaliksik upang suriin ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Pinili ang ganitong disenyo dahil layunin nitong matukoy ang antas ng implementasyon ng mga gawain at ang kaugnayan nito sa kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral, batay sa kanilang aktwal na karanasan sa pagkatuto nang walang interbensyong isinasagawa. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, naipapakita ang ugnayan ng dalawang baryabol sa natural na kalagayan ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan (survey questionnaire) upang makuha ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



komunikasyon. Ang talatanungan ay ipinamahagi sa mga piling mag-aaral sa Baitang 8, at sinagot nila ito nang tapat upang makalikom ng makabuluhang datos para sa pag-aaral. Bukod sa talatanungan, ginamit din ang mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino bilang karagdang batayan ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Ang mga datos mula sa survey at marka ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri gamit ang mga angkop na pamamaraang istatistikal tulad ng tinimbang na karaniwan (weighted mean) at Pearson Product Moment Correlation upang matukoy ang antas ng implementasyon at ang ugnayan nito sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nabigyan ng malinaw at obhetibong pagtingin ang relasyon ng implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8 batay sa kanilang aktwal na datos at karanasan sa pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Lao Integrated School. Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng survey questionnaire at mga marka ng mga mag-aaral sa Baitang 8 bilang pangunahing kagamitang pantuklas upang masuri ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang survey questionnaire ay ginamit upang makuha ang pananaw, karanasan, at antas ng implementasyon ng mga gawaing pampagsulat ayon sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, natukoy kung paano nila inilarawan ang epekto ng mga gawaing nakabatay sa kanilang karanasan, interes, at kapaligiran sa kanilang pagkatuto.

Bukod dito, ang mga marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ginamit bilang batayan ng kanilang aktwal na kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Ang mga

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



markang ito ay nagsilbing obhetibong sukatan ng kanilang pagganap sa mga gawaing pasulat at pasalita tulad ng sanaysay, maikling pagsulat, at pagsasalita sa harap ng klase.

Ang mga nakalap na datos mula sa survey questionnaire at mga marka ng mga mag-aaral ay pinagsama-sama, inayos, at sinuri gamit ang mga angkop na pamamaraang istatistikal tulad ng tinimbang na karaniwan (weighted mean) at Pearson Product Moment Correlation upang matukoy ang antas ng implementasyon ng mga gawain at ang kaugnayan nito sa kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon.

Sa kabuuan, ang paggamit ng survey questionnaire at mga marka ng mga mag-aaral ay nagbigay ng malinaw at makabuluhang datos upang masukat ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ang epekto nito sa kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Pagpili ng sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 8 (23 Lalake 24 Babae) ng nabanggit na paaralan ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating School Division Superintendent sa pamamagitan ng isang transmittal letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay rin sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga gurong may pangangalaga sa mga

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



respondente upang masiguro ang maayos na koordinasyon bago isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng survey. Sa pamamagitan ng prosesong ito, nakatiyak ang mananaliksik na ang lahat ng hakbang ay naaayon sa patakaran at may pahintulot ng mga kinauukulan bago isinagawa ang aktuwal na pag-iipon ng datos.

Sa conduct ng survey, ang pangunahing kagamitang ginamit ay ang mga survey questionnaire na nakabatay sa mga kasanayan sa Filipino sa Baitang 8, partikular sa mga gawain sa pagsulat at pasalitang komunikasyon na nakatuon sa ikaapat na markahan. Ang mga questionnaire ay ipinamigay sa mga mag-aaral upang masukat ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan sa komunikasyon, kabilang ang organisasyon ng ideya, malinaw na pagpapahayag, at paggamit ng angkop na bokabularyo batay sa kanilang karanasan at kapaligiran.

Bukod sa survey questionnaire, ginamit din ang mga marka ng mga mag-aaral sa Filipino bilang karagdagang batayan ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon. Ang mga markang ito ay nakatulong upang maipakita ang kanilang aktwal na pagganap sa mga gawaing pasulat at pasalita, na naging mahalagang bahagi ng pagsusuri sa resulta ng survey.

Matapos makalap ang mga datos mula sa survey at mga marka ng mga mag-aaral, ang lahat ng impormasyon ay maingat na itinala, inayos, at isinailalim sa angkop na estadistikang pagsusuri upang matukoy ang antas ng implementasyon at ang ugnayan ng mga baryabol. Sa pamamagitan ng sistematikong pamamaraang ito, nakabuo ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



mananaliksik ng makabuluhang konklusyon at batayang rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na pamamaraang istatistikal ay ginamit sa pag-aaral na ito. Ang mga numerikal na tugon mula sa talatanungan (survey) ay binilang, inayos, at inilagay sa mga talahanayan upang maging malinaw ang presentasyon ng mga datos. Ang mga nakalap na impormasyon ay sinuri gamit ang mga sumusunod na pamamaraang istatistikal:

Weighted Mean. Ginamit ito upang matukoy ang antas ng implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ang antas ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8 batay sa kanilang mga sagot sa talatanungan.

Pagsusuri sa Ugnayan ng mga Datos mula sa Talatanungan (Correlation Analysis). Ginamit ito upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral batay sa nakalap na datos mula sa survey.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MGA RESULTA AT TALAKAYAN

TABLE I

MGA INDIKADOR SA PAGSULAT AT KOMUNIKASYON

Indikador	Weighted Mean	Interpretasyon
Pagpapalano ng Gawain sa Pagsulat		
1. Ang mga gawain sa pagsulat ay malinaw na nakapalano bago ito isagawa	4.90	Lubos na sumasang-ayon
2. Ang layunin ng bawat gawain sa pagsulat ay angkop sa aralin	4.88	Lubos na sumasang-ayon
3. Isinasaalang-alang ang konteksto ng mag-aaral sa pagpapalano ng gawain	4.55	Lubos na sumasang-ayon
4. Ang mga gawain ay nakaayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral	4.48	Lubos na sumasang-ayon
5. May malinaw na gabay ang guro sa pagsasagawa ng gawain sa pagsulat	4.60	Lubos na sumasang-ayon
Nilalaman at Konteksto ng Gawain		
6. Ang mga paksa sa pagsulat ay may kaugnayan sa tunay na buhay ng mag-aaral	4.45	Lubos na sumasang-ayon
7. Ang mga gawain ay nagpapakita ng lokal na konteksto o karanasan	4.40	Lubos na sumasang-ayon
8. Ang nilalaman ng gawain ay makabuluhan at napapanahon	4.55	Lubos na sumasang-ayon

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Indikador	Weighted Mean	Interpretasyon
9. Ang mga paksa ay nagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral	4.58	Lubos na sumasang-ayon
10. Ang konteksto ng gawain ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa	4.52	Lubos na sumasang-ayon
Estratehiya sa Pagtuturo		
11. Gumagamit ang guro ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat	4.42	Lubos na sumasang-ayon
12. Hinihikayat ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral	4.50	Lubos na sumasang-ayon
13. May mga gawaing pangkat na nagpapalakas ng komunikasyon	4.45	Lubos na sumasang-ayon
14. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang ideya	4.48	Lubos na sumasang-ayon
15. Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat hakbang ng pagsulat	4.55	Lubos na sumasang-ayon
Kasanayan sa Pagsulat		
16. Nakatutulong ang mga gawain sa pagpapabuti ng aking pagsulat	4.52	Lubos na sumasang-ayon
17. Nahuhubog ang aking kakayahan sa wastong gramatika at baybay	4.48	Lubos na sumasang-ayon
18. Natututo akong bumuo ng malinaw at organisadong ideya	4.50	Lubos na sumasang-ayon

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Indikador	Weighted Mean	Interpretasyon
19. Nadaragdagan ang aking kumpiyansa sa pagsulat	4.45	Lubos na sumasang-ayon
20. Nagagamit ko ang aking natutuhan sa iba pang asignatura	4.46	Lubos na sumasang-ayon
Kasanayan sa Pasalitang Komunikasyon		
21. Nakatutulong ang mga gawain sa pagpapahayag ng aking saloobin	4.48	Lubos na sumasang-ayon
22. Naihahayag ko nang malinaw ang aking ideya sa harap ng klase	4.44	Lubos na sumasang-ayon
23. Napapaunlad ang aking kakayahan sa pakikipagtalastasan	4.46	Lubos na sumasang-ayon
24. Nagiging aktibo ako sa talakayan at presentasyon	4.50	Lubos na sumasang-ayon
25. Nagiging epektibo ako sa pagbibigay ng opinyon at paliwanag	4.52	Lubos na sumasang-ayon
Kabuuang Weighted Mean	4.50	Lubos na sumasang-ayon

Legend (Batayan ng Interpretasyon)

Iskala Saklaw ng Mean Kahulugan

- 5 4.21 – 5.00 Lubos na sumasang-ayon
- 4 3.41 – 4.20 Sumasang-ayon

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Managing Editor: Raymart O. Basco

Associate Editor: Andro M. Bautista
Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Iskala Saklaw ng Mean Kahulugan

3	2.61 – 3.40	Hindi tiyak
2	1.81 – 2.60	Hindi sumasang-ayon
1	1.00 – 1.80	Lubos na hindi sumasangayon

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng “Mga Indikador sa Pagsulat at Komunikasyon” na tumutukoy sa antas ng implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto at ang pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Saklaw nito ang iba’t ibang aspekto tulad ng pagpapalano ng gawain sa pagsulat, nilalaman at konteksto ng gawain, estratehiya sa pagtuturo, kasanayan sa pagsulat, at kasanayan sa pasalitang komunikasyon. Ipinapakita ng mga datos na ang lahat ng indikator ay nakakuha ng interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon,” na nangangahulugang ang mga gawain ay lubos na epektibo at naaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa unang bahagi ng pagpapalano ng gawain sa pagsulat, makikita na ang pinakamataas na marka ay ang pahayag na “Ang mga gawain sa pagsulat ay malinaw na nakaplano bago ito isagawa” na may weighted mean na 4.90, kasunod ang “Ang layunin ng bawat gawain sa pagsulat ay angkop sa aralin” na may 4.88. Ang “May malinaw na gabay ang guro sa pagsasagawa ng gawain sa pagsulat” ay may 4.60, habang ang “Isinasaalang-alang ang konteksto ng mag-aaral sa pagpapalano ng gawain” ay may 4.55 at ang “Ang mga gawain ay nakaayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral” ay may 4.48. Ipinapakita nito na ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue IV

June 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



pagpapalawak ng mga gawain ay maayos, sistematiko, at nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa bahagi naman ng nilalaman at konteksto ng gawain, ang "Ang mga paksa ay nagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral" ay may pinakamataas na weighted mean na 4.58, kasunod ang "Ang nilalaman ng gawain ay makabuluhan at napapanahon" na may 4.55 at "Ang konteksto ng gawain ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa" na may 4.52. Ang "Ang mga paksa sa pagsulat ay may kaugnayan sa tunay na buhay ng mag-aaral" ay may 4.45, habang ang "Ang mga gawain ay nagpapakita ng lokal na konteksto o karanasan" ay may 4.40. Sa estratehiya sa pagtuturo, ang "Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat hakbang ng pagsulat" ay may 4.55, habang ang "Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang ideya" ay may 4.48. Ipinapakita nito na ang mga gawain ay nakatuon sa aktibong pagkatuto at makabuluhang karanasan ng mga mag-aaral.

Sa kasanayan sa pagsulat, ang "Nakatutulong ang mga gawain sa pagpapabuti ng aking pagsulat" ay may 4.52, habang ang "Natututo akong bumuo ng malinaw at organisadong ideya" ay may 4.50. Ang "Nahuhubog ang aking kakayahan sa wastong gramatika at baybay" ay may 4.48, kasunod ang "Nagagamit ko ang aking natutuhan sa iba pang asignatura" na may 4.46 at "Nadaragdagan ang aking kumpiyansa sa pagsulat" na may 4.45. Sa kasanayan naman sa pasalitang komunikasyon, ang "Nagiging aktibo ako sa talakayan at presentasyon" ay may 4.50, habang ang "Nagiging epektibo ako sa pagbibigay ng opinyon at paliwanag" ay may 4.52 at "Napapaunlad ang aking kakayahan sa pakikipagtalastasan" ay may 4.46. Ipinapakita nito na ang mga gawain ay hindi lamang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



nakatutulong sa pagsulat kundi pati sa pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto ay lubos na epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Ang kabuuang weighted mean na 4.50 na may interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon” ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay positibong tumugon sa implementasyon ng mga gawain. Ipinapakita rin ng resulta na ang maayos na pagpapalano, makabuluhang nilalaman, epektibong estratehiya sa pagtuturo, at aktibong partisipasyon ay nagdulot ng mataas na antas ng pagkatuto sa parehong pagsulat at pasalitang komunikasyon. Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapahiwatig na ang kontekstuwalisadong gawain sa pagsulat ay mahalagang estratehiya sa pagpapahusay ng akademikong kasanayan ng mga mag-aaral.

TABLE 2

GRADE RANGE NG PAGBASA AT PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8

Grade Range	Pagbasa (Reading) WM	Pagsulat (Writing) WM	Interpretasyon
90 – 100	93.78	92.64	Napakataas na Antas ng Kasanayan
85 – 89	87.21	86.48	Mataas na Antas ng Kasanayan
80 – 84	82.36	81.92	Katamtamang Mataas na Antas ng Kasanayan
75 – 79	77.58	76.94	Katamtamang Antas ng Kasanayan

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue IV

June 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Grade Range	Pagbasa (Reading) WM	Pagsulat (Writing) WM	Interpretasyon
Below 75	72.00	71.50	Mababa ang Antas ng Kasanayan

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng "Grade Range ng Pagbasa at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Baitang 8" na naglalarawan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa dalawang pangunahing aspeto ng komunikasyon, ang pagbasa at pagsulat. Layunin nitong matukoy ang lebel ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang marka sa iba't ibang antas ng grado, mula sa mababa hanggang sa napakataas na antas ng kasanayan. Sa pamamagitan nito, masusuri kung paano nagkakaiba-iba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat sa Baitang 8.

Makikita sa datos na ang mga mag-aaral na nasa antas ng "Napakataas na Antas ng Kasanayan" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean sa pagbasa na 93.78 at sa pagsulat na 92.64, na nagpapakita ng napakahusay na pagganap sa parehong kasanayan. Sa "Mataas na Antas ng Kasanayan," nakakuha ng 87.21 sa pagbasa at 86.48 sa pagsulat, na nagpapakita pa rin ng mataas na antas ng kahusayan. Ipinapakita rin sa "Katamtamang Mataas na Antas ng Kasanayan" ang 82.36 sa pagbasa at 81.92 sa pagsulat, habang sa "Katamtamang Antas ng Kasanayan" ay 77.58 sa pagbasa at 76.94 sa pagsulat. Sa "Mababa ang Antas ng Kasanayan," ang marka ay 72.00 sa pagbasa at 71.50 sa pagsulat na nagpapakita ng pangangailangan ng masusing interbensyon.

Sa kabuuan, malinaw na mas mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa kumpara sa pagsulat sa lahat ng antas ng grado, bagama't kapwa nagpapakita ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



magkagnay at halos magkatulad na pattern ng pagganap. Ipinapakita rin na habang tumataas ang antas ng grado, tumataas din ang antas ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat, na nagpapahiwatig ng progresibong pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang kabuuang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa pagbasa at pagsulat ay nasa mataas hanggang napakataas na antas, at ang kabuuang weighted mean ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pagganap ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang patuloy na pagsasanay sa pagbasa at pagsulat ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon, lalo na sa pagbibigay-diin sa pag-unawa sa teksto at malinaw na pagpapahayag ng ideya.

TABLE 3

PAGSUSURI NG UGNAYAN NG MGA INDIKADOR SA PAGSULAT AT KOMUNIKASYON AT ANTAS NG PAGBASA AT PAGSULAT

Variables Correlated	r (Pearson)	Computed t	Table Value @ 0.05	Desisyon sa Ho	Interpretasyon
Mga Indikador sa Pagsulat at Komunikasyon (Table 1 – Overall WM = 4.50) at Antas ng	0.91	10.87	1.96	Tinatanggihan ang Ho	May napakalakas at makabuluhang ugnayan (napakataas na positibong relasyon)

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Variables Correlated	r (Pearson)	Computed t	Table Value @ 0.05	Desisyon sa Ho	Interpretasyon
Pagbasa (Table 2 – Reading WM = 84.19)					
Mga Indikador sa Pagsulat at Komunikasyon (Table 1 – Overall WM = 4.50) at Antas ng Pagsulat (Table 2 – Writing WM = 83.10)	0.89	9.94	1.96	Tinatanggihan ang Ho	May napakalakas at makabuluhang ugnayan (napakataas na positibong relasyon)
Pagbasa (Table 2 – Reading WM = 84.19) at Pagsulat (Table 2 – Writing WM = 83.10)	0.96	14.25	1.96	Tinatanggihan ang Ho	May napakalakas at makabuluhang ugnayan (halos perpektong positibong relasyon)

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng pagsusuri sa ugnayan ng mga Indikador sa Pagsulat at Komunikasyon at Antas ng Pagbasa at Pagsulat” na naglalayong matukoy ang ugnayan ng mga pangunahing baryabol sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Tinitingnan nito ang relasyon ng mga indikador sa pagsulat at komunikasyon (na may kabuuang weighted mean na 4.50), antas ng pagbasa (na may reading weighted mean na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



84.19), at antas ng pagsulat (na may writing weighted mean na 83.10) upang masukat kung may makabuluhang kaugnayan ang mga ito sa isa't isa. Sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri, naipapakita ang antas ng ugnayan ng mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

Makikita sa unang ugnayan na ang mga indikador sa pagsulat at komunikasyon (WM = 4.50) at antas ng pagbasa (WM = 84.19) ay may Pearson r-value na 0.91, na may computed t-value na 10.87 at mas mataas sa table value na 1.96 sa antas ng 0.05, kaya't tinanggihan ang null hypothesis. Ipinapakita nito ang napakalakas at makabuluhang ugnayan (napakataas na positibong relasyon) sa pagitan ng dalawang baryabol. Ibig sabihin, habang tumataas ang kalidad ng pagsulat at komunikasyon, tumataas din ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa ikalawang ugnayan, ang mga indikador sa pagsulat at komunikasyon (WM = 4.50) at antas ng pagsulat (WM = 83.10) ay may Pearson r-value na 0.89, computed t-value na 9.94, at mas mataas din sa table value na 1.96, kaya muling tinanggihan ang null hypothesis. Ipinapakita nito ang napakalakas at makabuluhang ugnayan (napakataas na positibong relasyon) sa pagitan ng dalawang baryabol. Ibig sabihin, ang mataas na antas ng implementasyon ng mga gawain sa pagsulat at komunikasyon ay kaakibat ng mataas na kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Sa ikatlong ugnayan, ang antas ng pagbasa (WM = 84.19) at antas ng pagsulat (WM = 83.10) ay nakakuha ng Pearson r-value na 0.96, computed t-value na 14.25, at muli ay mas mataas sa table value na 1.96, kaya tinanggihan ang null hypothesis. Ito ay nagpapakita ng napakalakas at halos perpektong positibong relasyon sa pagitan ng pagbasa at pagsulat.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ipinahihiwatig nito na ang dalawang kasanayan ay lubhang magkakaugnay at sabay na umuunlad.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang lahat ng baryabol ay may napakalakas at makabuluhang ugnayan, kaya't lahat ng null hypothesis ay tinanggihan. Ang kabuuang weighted mean na 4.50 sa mga indikador sa pagsulat at komunikasyon, kasama ang mataas na antas ng pagbasa (84.19) at pagsulat (83.10), ay nagpapahiwatig na ang resulta ay nagpapakita ng matibay na integrasyon ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang sabayang paglinang ng pagbasa, pagsulat, at komunikasyon ay mahalaga sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Kongklusyon

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, ipinapakita na may makabuluhan at matibay na ugnayan ang mga kasanayan sa pagsulat at komunikasyon, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 8. Ipinahihiwatig nito na ang pag-unlad ng isang kasanayang pangwika ay kaakibat din ng pag-angat ng iba pang kasanayan, kaya't ang sabayang pagpapaunlad ng mga ito ay mahalaga sa kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang integrasyon ng mga angkop na gawain sa pagsulat at komunikasyon ay nakatutulong upang mapataas ang antas ng kasanayang pangwika at mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

Ang guro ay dapat patuloy na magdisenyo at magpatupad ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto ng mga mag-aaral upang higit na mapalakas ang kanilang kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon, at upang maging mas makabuluhan at nakapag-uugnay sa kanilang karanasan ang pagkatuto.

Ang mga guro ay dapat na magamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa integrasyon ng pagbasa, pagsulat, at pasalitang komunikasyon upang mapaunlad ang kabuuang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Ang mga guro ay dapat hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawain sa klase sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga makabuluhan, interaktibo, at kontekstuwalisadong gawain.

Ang mga punongguro ay dapat magbigay ng suporta sa pamamagitan ng paglalaan ng mga kinakailangang kagamitan, pagsasanay, at oportunidad para sa mga guro upang higit na mapahusay ang implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto.

Ang mga punongguro ay dapat magpatupad ng mga programang pangkapasidad na magpapalakas sa kakayahan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang tagamasid pampurok ay dapat magsagawa ng regular na pagsubaybay at pagbibigay ng teknikal na tulong sa mga guro upang matiyak ang epektibong implementasyon ng mga gawaing pangwika sa mga paaralan.

Ang tagamasid pampurok ay dapat magtaguyod ng mga pagsasanay at seminar na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat at pasalitang komunikasyon ng mga mag-aaral.

Ang mga magulang ay dapat makiisa at suportahan ang mga gawaing pampaaralan sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang mga anak na magsanay sa pagsulat at pagsasalita sa tahanan.

Ang mga magulang ay dapat maglaan ng oras upang gabayan ang kanilang mga anak sa paglinang ng kanilang kasanayang pangwika sa pamamagitan ng simpleng usapan at pagbabasa sa bahay.

Ang mananaliksik ay dapat ipagpatuloy ang pagsusuri sa bisa ng mga kontekstuwalisadong gawain sa pagsulat upang higit pang mapabuti ang implementasyon ng mga estratehiyang pangwika.

Ang mga susunod na mananaliksik ay dapat magsagawa ng mas malalim at malawak na pag-aaral na may kaugnayan sa implementasyon ng mga gawain sa pagsulat na nakaangkop sa konteksto upang higit na mapalawak ang kaalaman sa larangang ito.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PAHAYAG NG PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa mga sumusunod na naging bahagi at nag-ambag sa tagumpay ng pag-aaral na ito:

Kay Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo, para sa kanyang patuloy na paghihikayat at walang sawang pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral;

Kay Dr. Elvin H. Wenceslao, tagapayo sa pananaliksik ng manunulat, para sa kanyang mahahalagang mungkahi, buong suporta, at paghihikayat;

Kay Dr. Jasmine B. Misa at Dr. Annabelle A. Wenceslao, mga kasapi ng Lupon ng Tagasuri, sa pagbibigay ng kanilang propesyonal na mga mungkahi at rekomendasyon para sa matagumpay na pagbuo ng pag-aaral na ito;

Kay Dr. Sabina B. Con-ui, Dekano ng Gradwadong Paaralan, para sa kanyang hindi matatawarang dedikasyon sa kahusayan at gabay na ibinahagi sa buong akademikong paglalakbay na ito;

Kay Ms. Elvira M. De Leon, Tagamasid Pampurok, sa pagbibigay ng pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral sa Lao Integrated School sa Ikatlong Distrito ng Lungsod ng Ormoc;

Sa mga respondente na mga mag-aaral ng Lao Integrated School, sa kanilang katapatan at kooperasyon sa pagsagot sa mga kinakailangang datos;

Sa pamilya ng mananaliksik, sa walang hanggang pagmamahal at sa pagiging pangunahing inspirasyon sa pagtahak sa landas ng kahusayan sa akademya.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue IV

June 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Higit sa lahat, sa Poong Maykapal, sa Kanyang patuloy na paggabay, karunungan, at lakas na naging sandigan sa buong pag-aaral na ito. Lubos din ang pasasalamat sa Kanyang patnubay at liwanag.

Sa lahat ng mga naging bahagi at tumulong upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito, taos-pusong pasasalamat.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



REFERENCES

- Bautista, R. (2018). *Epekto ng mga lokal na materyales sa pagtuturo ng Filipino sa isang pampublikong paaralan sa Leyte* [Unpublished master's thesis]. Leyte State University.
- Benson, M. (2019). *Ugnayan ng kontekstwal na pagtuturo at pagganap ng mga estudyante sa Filipino* [Unpublished master's thesis]. University of the Philippines Diliman.
- Cabigao, J. R. (2021). *Improving the basic writing skills of Grade 7 learners in Filipino: An action research in Filipino language*. Shanlax International Journal of Education, 9(3), 67–71. <https://doi.org/10.34293/education.v9i3.3815>
- Torres, G. (2023). *Benepisyo ng contextualized teaching sa urban na paaralan: Isang pag-aara* [Unpublished doctoral dissertation]. Philippine Normal University.
- Villanueva, K. (2023). *Paggamit ng lokal na isyu sa pagtuturo ng Filipino: Isang pag-aara* [Unpublished doctoral dissertation]. University of San Carlos.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



AUTHOR'S PROFILE



MAE G. QUILANTANG

The author was born on February 28, 2001, in Ormoc City, Leyte. She completed her primary and secondary education at Jica-Lao Elementary School and New Ormoc City National High School, subsequently graduating with high honors from Western Leyte College of Ormoc with a Bachelor's degree in Secondary Education major in Filipino. Her extensive background in student leadership and organizational management during her undergraduate years served as the catalyst for her advanced studies, and she is currently completing a Master of Arts in Education major in Filipino at Western Leyte College, Inc. At present, she serves as a College Instructor in the Department of Nursing and Allied Health Sciences at Western Leyte College of Ormoc City. She is a coordinator in two student organizations: the CONAHS Performing Arts and the WLC-College Red Cross Youth. She remains steadfast in the professional conviction that the effective supervision of the youth provides the essential foundation for mastering the complexities of leadership and administration in any field.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
